**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 8, 155-179




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Tuklas-Kuwento ng Purog Cave at Liyang Cave: Potensyal na atraksiyon sa Casiguran, Sorsogon

Buenaobra, Mia A.
*Sorsogon State University, Philippines (miabuenaobra906@gmail.com)*
Estera, John Emil D. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (Ako2emil@gmail.com)*

**Received**: 14 April 2025 **Revised**: 25 April 2025 **Accepted**: 30 April 2025
**Available Online**: 2 May 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25082

***Abstrak***

Natiyak sa pag-aaral na ito ang dokumentasyon ng Purog Cave at Liyang Cave, mga potensyal na atraksiyon sa Bayan ng Casiguran, Sorsogon. Ginamit ng mananaliksik ang deskriptib-kwalitatibong disenyo ng pag-aaral upang makalap ang mga datos hinggil sa mga kuweba. Purposive-homogenous sampling ang ginamit sa pagpili ng 30 impormante mula sa dalawang barangay. Nagsagawa ng panayam sa 14 na indibidwal at 3 focus group discussions gamit ang interbyu-guide. Kabilang sa mga kinapanayam ay mga tagapangalaga ng lupa, barangay opisyal, at matatandang residente na may kaalaman sa mga kuweba. Isinailalim sa tematikong pagsusuri ang mga datos upang dokumento ang Purog at Liyang Cave at matukoy ang kanilang ambag sa turismo mula sa pananaw ng komunidad. Natuklasan na ang Purog at Liyang Cave ay parehong pribadong pag-aari at may natatanging likas na katangian. Nakuha rin ang 12 kuwentong-bayan mula sa komunidad na may temang kababalaghan, kasaysayan, at karanasan. Lumabas sa pag-aaral na may potensyal ang mga kuweba sa pagpapalago ng turismo sa larangan ng pag-unlad, pagkilala, at pagpreserba. Bilang hakbang para sa edukasyon at promosyon ng lokal na turismo, isang magasin na pinamagatang "Likas-Yamang Pamana ng Casiguran" ang nabuo. Inirerekomenda ang mga sektor ng turismo at lokal na pamahalaan na magsagawa ng proteksyon at pag-aaral sa mga kuweba, pahalagahan ang lokal na kultura, at magpatuloy sa mga pag-aaral hinggil sa kasaysayan ng lugar.

***Susing Salita:*** kuwento, tuklas, kuweba, atraksiyon, bayan ng Casiguran, Sorsogon

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs (CC BY-NC-ND)

# Tuklas-Kuwento ng Purog Cave at Liyang Cave: Potensyal na atraksiyon sa Casiguran, Sorsogon

## 1. Introduksyon

### *1.1 Kuwento, Pusod ng Pagkilala*

Ang mga tanawin at atraksiyon sa isang lugar ay salamin ng kultura, tradisyon, at paniniwala ng mamamayan, na may mahalagang gampanin sa pagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang bayan. Sa kabila ng umuusbong na mga kilalang atraksiyon, may mga lugar na hindi pa natutuklasan ngunit may malaking potensyal para sa pag-unlad ng turismo. Mahalaga ang pagsasalaysay ng kasaysayan at kultura ng mga ito upang mas makatawag-pansin sa mga turista (Moin, Hosany, at O'Bien, 2020). Ayon sa UNESCO (2018), ang oral na tradisyon at wika ay bahagi ng *Intangible Cultural Heritage* na nagbibigay-halaga sa karanasan ng turista. Dagdag pa ng UNESCO (2014), ang mga pamana - kultural at likas ay pinanggagalingan ng inspirasyon at buhay, na kailangang mapreserba para sa hinaharap. Nilinaw din ng UNESCO (2005) na ang proteksiyon at pagpapanatili ng pagkakaiba-iba ng mga kultural na pagpapahayag ay susi sa napapanatiling pag-unlad. Sa pahayag ng UNESCO (1989), ang tradisyunal na kultura ay may kinalaman sa wika, ritwal, sining, at iba pang anyo na sumasalamin sa identidad ng isang komunidad. Ayon sa United Nations (2015), may kaugnayan ang kasalukuyang pag-aaral sa *Sustainable Development Goals* tulad ng Goal 4 (edukasyon at kultura ng kapayapaan), Goal 11 (proteksiyon ng kultural na pamana), Goal 12 (tamang paggamit ng likas na yaman), at Goal 15 (konserbasyon ng kalikasan). Ang *Sustainable Development Goal Wedding Cake* ng Stockholm Resilience Institute (2016) ay nagpapakita na ang ekolohiya ang pundasyon ng panlipunan at pang-ekonomikong pag-unlad, na maaaring maisulong sa pamamagitan ng turismo.

Ang mga kuwentong-bayan ay mahalagang bahagi ng panitikan at kultura sa buong mundo. Sa Australia, ang mga ito ay nagsisilbing mapagkakatiwalaang kasaysayang oral (Gray, 2015). Sa Africa, itinuturing na pinakamatanda ang kuwentong-bayan bilang tagapag-ingat ng kultura at aral (Maity, 2022). Sa Nigeria, nagsilbing kasangkapan ang mga ito sa pangangalaga ng kultura at libangan (Ihueze, 2015). Sa ganitong paraan, nailalarawan ang papel ng kuwentong-bayan sa pagbibigay ng mahahalagang aral sa buhay. Ayon kay Sims (2005), mas malalim na nauunawaan ang kuwentong-bayan kung ito ay nararanasan sa aktwal. Ayon naman kay Kitayama (2005), ito ay repleksiyon ng ugnayan ng tao at kanyang kultura. Ipinakita naman nina Silva at Tehrani (2016) na ang kuwentong-bayan ay naipapasa hindi lamang sa pamilya kundi sa mas malawak na lipunan sa pamamagitan ng interaksiyon. Sa pag-aaral ni Nataño (2017), ang kuwentong-bayan ay may karunungang nagsisiwalat ng kasaysayan at kultura ng isang lugar. Pinagtibay nina Aputan (2013), Weerasingher (2010), at Yason (2012) na ang pag-aaral ng panitikan at alamat ay nakatutulong upang maunawaan ang kaugalian, paniniwala, at kabutihang-asal ng mga tao. Sa mga pananaliksik nina Montenegro (2022) at Loyoja (2011), ang kuwentong-bayan ay nagsisilbing kasaysayan na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng isang lugar, habang sa pag-aaral nina Galdo (2021) at Du (2014), ito ay mahalaga sa pagbibigay ng pagkakakilanlan at sa paghubog ng pagkatao ng mamamayan.

### *1.2 Naisadokumentong kuwento, bahagi ng Kulturang Pilipino*

Ang kuwentong-bayan ay may mahalagang papel sa pagpapalaganap ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino. Sumasalamin ito sa kultural na halaga, paniniwala, at pamumuhay ng komunidad (Atienza, 2020; KWF, 2024). Ang dokumentasyon ng mga kuwentong ito ay nagiging paraan upang mapanatili ang yaman ng kasaysayan at maipasa ito sa mga susunod na henerasyon (Villanueva, 2014). Ayon sa DepEd Order No. 32 s. 2015, mahalagang isama sa edukasyon ang lokal na kultura at kasaysayan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pinagmulan. Kasabay nito, ang Saligang Batas ng 1987 ay nananawagan ng pagprotekta at

pagpapalaganap sa sining at kasaysayan ng bansa. Kaisa sa layuning ito, ang *Cultural Mapping Orientation* ni Gov. Escudero (2020) at Republic Act 11961 (2023) ay naglalayong kilalanin at preserbahan ang mga pamana ng komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga sektor tulad ng edukasyon, kapaligiran, at turismo. Ipinakita rin sa iba't ibang lokal na pag-aaral ang kontribusyon ng kuwentong-bayan sa turismo. Ayon kay Surban (2022), ang mga kuwentong likas na atraksiyon sa Bulusan ay tumutulong sa pag-unawa sa kultura ng bayan. Si Diaz (2024) ay naglahad ng kahalagahan ng mga kuwentong Jubangnon sa paghubog ng identidad at pag-unlad ng turismo sa Juban. Si Cerillo (2024) naman ay tumalakay sa papel ng mga kuwento ng pinagmulan ng barangay sa Bacon, Sorsogon sa pagpapalaganap ng lokal na kultura.

Samantala, sa Donsol, ayon kay Bauca (2024) ang kuwentong-bayan ukol sa butanding ay nagsisilbing salamin ng pamumuhay ng mga Donsolanon. Sa Camarines Norte, ibinahagi ni Soria (2024) ang halaga ng alamat bilang inspirasyon sa pagpapalaganap ng kulturang Mercedeño. Sa Bulan, ipinakita ni Santayana (2024) na ang mga kuwentong likas sa mga atraksiyon ay nagpapalalim sa kaalaman at pagpapahalaga ng mga turista sa kultura. Sa mas malawak na pananaw, napatunayan din nina White (1949) at Evasco (2000) na ang oral na panitikan ay nagbibigay ng koneksyon mula sa nakaraan tungo sa kasalukuyan. Ayon kay Quintos (2020) may ugnayan ang kultura at kalikasan sa pagbubuo ng kahulugan sa mga lugar gaya ng kuweba. Sa panig ng mga dokumentasyong kultural, binigyang-pansin ni Besmonte (2022) ang kahalagahan ng pagtitipon ng mga pamana sa Tabaco City bilang batayan sa mga programang pampamahalaan. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Dapyawin (2024) ang kontribusyon ng dokumentasyong historiko-kultural sa Barcelona bilang paraan ng pagpreserba ng pamana.

*1.3 Kuweba, salik sa Pag-unlad ng Turismo*

Ang pagtuklas sa mga kuwento ng kalikasan, tulad ng mga kuweba, ay may malaking potensyal sa turismo at ekoturismo, na may kakayahang mag-akit ng mga turista. Ayon sa United Nations World Tourism Organization (2022) malaki ang papel ng turismo sa ekonomiya, sosyal, at kapaligiran upang matugunan ang pangangailangan ng turista, industriya, at komunidad. Kailangan ng patuloy na pagpapahalaga at pagtuklas ng mga potensyal na atraksyon. Ang potensyal ay tumutukoy sa mga lugar na may kakayahang maging atraksiyon sa turismo (Meriam-Webster Dictionary, 2024). Ang UNWTO ay responsable sa pagsusulong ng mga layunin para sa 2030 na nakatuon sa Sustainable Development Goals. Pinagtibay ito ni Rajput (2019) na sa ilalim ng Global Code of Ethics for Tourism, ang turismo ay kailangang itaguyod sa paraang pinapangalagaan ang kalikasan at kaligtasan ng kapaligiran. Mahalaga ang turismo sa pagpapalago ng ekonomiya at sa mga layunin ng sustainable development.

Ang mga kuweba, bilang likas na yaman, ay may malaking potensyal sa pag-unlad ng turismo at ekonomiya. Pinahahalagahan ng mga turista ang mga kuweba dahil sa kanilang likas na katangian at mga benepisyo tulad ng siyentipiko, estetiko, libangan, at kultural na halaga (Emeka, Ezekaka, Igwemadu, 2017; Tongkul, 2005). Ayon kay Cigna (2016), mahigit 500 kuweba ang binisita taon-taon sa buong mundo, at ang mga kuweba ay isang mahalagang pinagkukunan ng kita sa mga umuunlad na bansa. Sa kasalukuyang pag-aaral, tinalakay ni Rindam (2014) ang Asar Cave sa Lenggong Valley na may potensyal sa turismo at pagpapabuti ng kabuhayan ng mga residente. Ipinakita ito sa pag-aaral ni Aly, M. Nilzam et al. (2021) sa Indonesia, partikular sa Tenggar Cave, na nagsasangkot ng komunidad at tamang pamamahala. Gayundin, sa Malang Regency, mayroong 134 na kuweba na may potensyal sa turismo (Sahrina et al., 2022). Ang mga kuweba, tulad ng Cokro Cave (Rohani et al., 2023), ay mahalaga sa pag-unlad ng turismo, ngunit kailangan ng tamang pamamahala upang maprotektahan ang kapaligiran. Ayon kay Emeka et al. (2017), ang tamang pagpaplano at pamamahala ay nagbibigay ng pantay-pantay na benepisyo sa komunidad.

Ang mga kuweba ay may mahalagang papel sa ekonomiya at sa pagbuo ng kabuhayan (Chua & Soreda, 2018; Sharafuddin, 2015). Mahalaga ang turismo sa bansa, at ito ay may ambag sa sustainable development (Budenau, 2005). Ang mga kuweba ay may kultural na halaga na nakakaakit sa mga turista, tulad ng mga kasaysayan at arkeolohikal na kahalagahan (Kim et al., 2008). Ang mga kuweba, tulad ng Purog Cave at Liyang

Cave sa Casiguran, ay may potensyal na maging atraksyon sa turismo at makapagbigay ng kita sa komunidad, ayon sa mga lokal na patakaran at batas tulad ng Tourism Act of 2009 at National Cultural Heritage Act of 2009. Ang mga kuweba sa Pilipinas ay bahagi ng likas na pamana ng bansa at mahalaga sa kalikasan at kasaysayan (Republic Act 9072, 2001; DENR, 2008). Ang pagpapalawak ng edukasyon hinggil sa pangangalaga ng kalikasan ay mahalaga upang mapangalagaan ang mga yaman ng bansa at mapalago ang turismo (Lopez, 2019). Ang mga kuweba ay may kahalagahan sa kasaysayan at kultura, at ang tamang pamamahala ay makakatulong sa pagpapalago ng turismo at komunidad (Smith, 2015).

### *1.4 Bayan ng Casiguran*

Ang bayan ng Casiguran ay isa sa mga munisipalidad sa Lalawigan ng Sorsogon, na may kabuoang sukat na 87.13 kilometro kuwadrado, na kumakatawan sa 4.11% ng kabuoang sukat ng Sorsogon. Ayon sa 2020 Census, mayroon itong 35,602 na populasyon, na 4.40% ng kabuoang populasyon ng lalawigan ng Sorsogon. Binubuo ang Casiguran ng 25 barangay at may densidad ng 409 tao kada kilometro kuwadrado (Philippine Atlas, 2024). Sa kasalukuyan, mayroong 21 kilalang atraksiyon sa bayan, na kinabibilangan ng mga kultural, historikal, at likas na pook, na matatagpuan sa walong barangay. Kabilang dito ang mga lumang bahay, simbahan, talon, resorts, at mga farm. Ang mga atraksiyong ito ay tumutulong sa patuloy na pagdami ng mga turista sa bayan, na ayon sa Municipal Tourism & Information Office ng Casiguran (2024), umabot sa 21,028 ang bilang ng mga turista noong Agosto 2024, tumaas ng 67% mula sa 12,530 na turista noong Hulyo 2024. Bagamat kilala ang mga atraksiyong ito, kakaunti na lamang ang mga likas na pook na may kaugnayan sa kasaysayan. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin at muling kilalanin ang mga pook na ito, na may potensyal na mag-ambag sa turismo ng Casiguran at magkaroon ng mahalagang papel sa kultura at kasaysayan ng lugar. Kabilang dito ang Purog Cave sa Barangay San Pascual at Liyang Cave sa Barangay Mabini, na ayon sa "Facts about Sorsogon" (1970), ay mga makasaysayang lugar na hindi na gaanong kilala ngunit may malaking potensyal na magbigay ng bagong turismo sa bayan.

Ang Casiguran, na itinatag ng mga Espanyol noong 1570, ay isang makasaysayang bayan sa Lalawigan ng Sorsogon. Ang pangalang Casiguran ay nagmula sa salitang "kasi gurang," na nangangahulugang karamihan ay matatanda ang nakatira sa bayan noong panahon ng mga Kastila. Sa mga oras na iyon, ang bayan ay nagsilbing sentro ng operasyon ng Ibalon sa Bicolandia (Attraction Map - Sorsogon Provincial Government, 2024). Ayon kay Galoso (2023) may mga natuklasan ding prehistorikong sites sa Barangay Boton at iba pang mga barangay sa Casiguran, kabilang ang Binisitahan Site at Tigkiw na Saday sa Barangay Casay, na nagpapatibay na ang bayan ay bahagi ng kasaysayan ng rehiyon. Ang mga nasabing pook ay nagpapakita ng kahalagahan ng Casiguran sa pag-unlad ng Sorsogon at sa mga unang tao na nanirahan dito. Ang Barangay San Pascual, na may sukat na 593 hektarya, ay may kabuoang populasyon na 1,031, na kumakatawan sa 2.72% ng kabuoang populasyon ng Casiguran (Philippine Atlas, 2024). Samantalang ang Barangay Mabini, na pinakamalayong lugar sa 25 na barangay ng Casiguran, ay may kabuoang sukat na 1,067 hektarya at populasyong 518 (Demographic Profile, Casiguran). Ang pag-aaral na ito ay may layuning magsilbing ambag sa pagpapalawak ng kaalaman ukol sa kasaysayan at kultura ng Casiguran, lalo na sa mga batang henerasyon at mga turista. Sa pagtuklas at dokumentasyon ng mga potensyal na atraksyon tulad ng mga kuweba, ang bayan ay magkakaroon ng pagkakataon na mapalakas ang industriya ng turismo at magbigay ng mas maraming oportunidad para sa mga komunidad.

***Layunin -*** Natiyak sa pag-aaral na ito na maisadokumento ang Purog Cave at Liyang Cave bilang potensyal na atraksiyon sa Bayan ng Casiguran, Sorsogon. Sinasagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod: a) maisadokumento ang Purog Cave at Liyang Cave, b) malaman ang potensyal na ambag sa turismo ng mga nabanggit na kuweba batay sa pananaw ng komunidad ng Barangay San Pascual at Mabini sa Casiguran at c) makabuo ng awtput batay sa naisagawang pag-aaral.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Natiyak sa pag-aaral na ito na maisadokumento ang Purog Cave at Liyang Cave, ang potensyal na atraksiyon sa Bayan ng Casiguran, Lalawigan ng Sorsogon. Ginamit ng mananaliksik ang deskriptib-kwalitatib na disenyo ng pag-aaral sa paglikom ng mga datos na kailangan sa pag-aaral. Ito ay ang sistematikong paglalarawan ng mga sitwasyon o larangan ng interes na may katiyakan at katotohanan na may sapat na interpretasyon (Aquino, 1992). Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay pinili gamit ang Purposive – *homogenous sampling* mula sa dalawang barangay ng Casiguran, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga piling impormante sa pamamagitan ng labing-apat (14) na indibidwal na pakikipanayam at tatlong (3) Focus Group Discussion (FGD) gamit ang interbyu-guide upang mangalap ng mga datos tungkol sa pagsasadokumento ng kuweba at upang malaman ang potensyal na ambag nito sa turismo batay sa pananaw ng komunidad. Ang mga nalikom na datos sa indibidwal na pakikipanayam at FGD ay sinuri at binigyang ng interpretasyon gamit ang tematikong pag-aanalisa.

***Mga Impormante -*** Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga nagmamay-ari ng lupa na kinatawan ng kanilang mga tagapangalaga, (2) dalawang tagapangalaga para sa dalawang kuweba, limang (5) opisyal ng barangay, at dalawampu't tatlong (23) nakatatandang residente na may edad 50 pataas at may sapat na kaalaman at karanasan hinggil sa kuweba. Sa kabuoan, may tatlumpung (30) impormante na pinili mula sa dalawang barangay sa bayan ng Casiguran, lalawigan ng Sorsogon.

Purposive – *homogenous sampling* ang ginamit ng mananaliksik sa pagpili ng mga impormante, kung saan ang mga impormante ay pinili batay sa layunin at may mga pare-parehong katangian na nauugnay sa kanilang kaalaman, mga kuwento, at karanasan na may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa punong barangay at ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral. Pinili ang mga impormante batay sa pagkakapareho ng kanilang kaalaman, mga kuwento, at karanasan tungkol sa Purog Cave at Liyang Cave sa bayan ng Casiguran. Ang mga impormante ay mga residente ng Barangay San Pascual at Barangay Mabini, na parehong may sapat na kaalaman tungkol sa mga kuweba bilang potensyal na atraksiyon ng mga lugar na ito. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa mga nabanggit na barangay at hindi kabilang ang mga kilalang atraksiyong panturismo sa bayan ng Casiguran sa kasalukuyan.

***Etika ng Pag-aaral -*** Tinalakay sa bahaging ito ang mga etikal na konsiderasyon sa pag-aaral, kabilang ang tamang proseso sa pagkuha ng datos. Sinunod ng mananaliksik ang mga alituntunin sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na opisyal at impormante. Tiniyak na ang mga sagot ng impormante ay mananatiling pribado at may opsyon silang hindi isama ang kanilang pangalan. Humingi rin ng pahintulot sa pagkuha ng larawan at pagrekord ng mga interbyu. Sinunod ang Republic Act 10173 (Data Privacy Act of 2012) at ginamit ang informed consent form para sa transparency at proteksyon ng mga kalahok. Ang resulta ng pag-aaral ay ibabahagi sa Lokal na Pamahalaan upang makatulong sa pagbuo ng mga polisiya at programa sa turismo.

***Instrumento -*** Inihanda ng mananaliksik ang isang interbyu-guide para sa pakikipanayam sa mga impormante tulad ng mga nagmamay-ari ng lupa, matatandang residente, at barangay opisyals. Nahahati ang interbyu-guide sa tatlong bahagi: ang unang bahagi ay tungkol sa pangunahing impormasyon ng kuweba (lokal na pangalan, kasaysayan, lokasyon, at mga nagmamay-ari); ang ikalawa ay tumatalakay sa mga kuwento, karanasan, kahalagahan ng kuweba, at mga epekto ng kalamidad dito; at ang ikatlong bahagi ay nagsasaad ng potensyal ng kuweba bilang atraksyon, mga kontribusyon sa turismo, at mga hakbang sa pangangalaga. Ang interbyu-guide ay isinuri at inayos ayon sa mga suhestiyon ng tagapayo at panel upang mapabuti. Personal ding pinamahalaan ng mananaliksik ang proseso ng pagkuha ng datos at larawan na ginamit sa pag-aaral.

***Paraan ng Paglikom ng Datos -*** Inilarawan ng mananaliksik ang mga pamamaraang ginamit sa pagkuha ng datos mula sa mga impormante ng Barangay San Pascual at Barangay Mabini upang matugunan ang mga layunin ng pag-aaral. Ang mga pamamaraan ay kinabibilangan ng tatlong (3) Focus Group Discussion (FGD) at labing-apat (14) na indibidwal na panayam gamit ang interbyu-guide. Ang mga impormante ay napili gamit ang

purposive-homogenous sampling at inirekomenda ng mga barangay opisyals at ilang impormante. Ang pagkuha ng datos ay isinagawa mula Nobyembre 30, 2024 hanggang Pebrero 15, 2025. Upang makuha ang pahintulot para sa pangangalap ng datos, gumawa ang mananaliksik ng liham na nilagdaan ng tagapayo, dekano, at alkalde, na nagsilbing pahintulot sa pakikipag-ugnayan sa mga barangay opisyals at residente. Ginamit din ng mananaliksik ang informed consent form at humingi ng pahintulot sa bawat nakapanayam na i-record ang kanilang mga sagot.

Dahil ang may-ari ng mga kuweba ay hindi personal na nakapanayam, ang mga impormante na tagapangalaga ng mga kuweba ang naging pangunahing pinagkunan ng impormasyon. Bagamat hindi matagpuan ang may-ari ng mga kuweba, ipinahayag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng tagapangalaga. Pinagtibay ng mga barangay opisyals ang katumpakan ng mga nalikom na datos. Nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa Casiguran Municipal Tourism Office upang makuha ang kanilang pananaw tungkol sa ambag ng kuweba sa turismo. Ayon sa kanila, kailangan pa ng pagsusuri at pagmamapping ng kuweba bago makapagbigay ng opinyon. Dahil dito, napagkasunduan na ang komunidad ng Barangay San Pascual at Barangay Mabini ang magiging pangunahing kalahok para sa ikalawang layunin ng pag-aaral. Isinasama rin sa mga pamamaraang ito ang pagkuha ng mga larawan at video ng dalawang kuweba sa tulong ng mga lokal na residente at barangay tanod, pati na rin ang pagkuha ng mga sample ng purog at maliliit na bato mula sa mga residente ng Barangay San Pascual. Ang mga larawan at video ay ipinaalam sa mga residente at gagamitin sa mga magiging output ng pag-aaral.

***Paraan ng Pagsusuri ng Datos -*** Ang mga nakuhang datos mula sa resulta ng pakikipanayam sa mga impormante ay sinuri at inanalisa. Gamit ang voice recorder na ginamit ng mananaliksik sa pakikipanayam, nagsagawa ng transcoding upang maisalin at maitala ang mga impormasyon. Pinagsama-sama ang mga ito gamit ang tematikong pag-aanalisa, at ito ay binigyan ng interpretasyon at mga implikasyon. Ginamit ang tematikong pag-aanalisa upang masusing masuri ng mananaliksik ang pagsasadokumento ng dalawang kuweba, matukoy ang mga lumitaw na tema, kabilang na ang mga uri ng kuwentong nangibabaw, pati na rin ang mga potensyal na ambag nito sa turismo batay sa pananaw ng komunidad. Ayon kay Caufield (2019) ang tematikong pag-aanalisa ay ang pagsusuri ng mga kuwalitatibong datos na ginagamit sa mga set ng mga teksto tulad ng panayam at transcript upang matukoy ang karaniwang paksa, tema, at pattern na paulit-ulit na lumitaw.

## 3. Resulta

Inilahad sa bahaging ito ang resulta sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga impormante ng pag-aaral na ito. Iprenesinta nang sunod-sunod ang mga datos upang sagutin ang mga tanong sa pag-aaral na ito. Ang mga nakuhang sagot ay nagsilbing kasagutan sa sumusunod: maisadokumento ang Purog Cave at Liyang Cave sa Bayan ng Casiguran, malaman ang potensyal na ambag sa turismo ng mga nabanggit na kuweba batay sa pananaw ng komunidad sa Barangay San Pascual at Barangay Mabini, Casiguran at makabuo ng awtput batay sa isinagawang pag-aaral.

### *3.1 Ang Purog Cave at Liyang Cave sa Bayan ng Casiguran*

Sa pangangalap ng datos ng mananaliksik, napag-alaman na ang dalawang kuweba sa Bayan ng Casiguran, Sorsogon; ang Purog Cave at Liyang Cave ay parehong likas na nabuo at likas na bahagi ng kalikasan. Ang mga ito ay bunga ng mga natural na phenomenon, tulad ng pagkalikha, pagguho o paggalaw ng lupa, na may kinalaman sa pagkakaroon ng kuweba sa lugar. Maging ang pangalan ng mga kuweba at mga katangian sa paligid nito ay nagpapakita ng natural na pinagmulan at may kaugnayan sa kalikasan.

*Purog.* Batay sa pakikipanayam kay Jose H. Hubilla, 57 taong gulang ang tagapangalaga ng lupa na sakop ang kuweba, ang pangalan na *Purok Purog* ay nagmula sa luwad, ang materyal na ginagamit sa paggawa ng mga palayok o banga, na tinatawag na *purog* sa kanilang lugar. Ito ay kilala sa mga residente dahil sa mga likas na yaman nito, ang luwad (clay). Narito ang kaniyang sinabi.

*"Kinuwa ang pangaran kaiyan na purog sa clay, sa laboy, an tiggigibo na banga, mayaman kami kaan didi, maputi, malapok, mayaman sa kulay, manlain-lain na kulay"*

(*Nakuha ang pangalan na purog sa luwad, sa putik, ang ginagawang palayok, mayaman kami niyan dito sa aming lugar, maputi, maputik, mayaman sa kulay, iba't ibang kulay*.)



***Pigura 2:*** Purog, isang uri ng lupa na matatagpuan sa sapa sa Purok Purog

Batay sa salaysay ng impormante at sa pigura, ang pangalan ay batay sa kung ano ang sagana na likas-yaman na nakikita sa lugar. Ang purog ay isang uri ng lupa na matatagpuan sa isang sapa sa nasabing purok. Dagdag pa, ang luwad rito ay may iba't ibang kulay, maputik at marami sa lugar. Ayon pa sa mga impormante may mga makukuhang maliliit na bato na kumikinang sa purog. Ang sample ng mga bato na makikita sa Pigura 3 ay mula kina Raul at Norma H. Paulo, mag-asawang residente ng Barangay San Pascual.



***Pigura 3:*** Malilit na bato na kumikinang na makukuha sa purog

Ang mga pigura ay nagpapakita ng yaman ng komposisyon ng lupa sa Purok Purog, isang lugar na kilala sa uri ng lupa na tinatawag na purog. Ipinapakita nito na ang mga bagay na mahalaga sa isang lugar ay nagiging batayan sa pagpapakilala at pagbibigay pangalan sa pook, na nagsisilbing pagkakakilanlan ng komunidad. Ayon kay White (1949), ang paglikha ng pangalan batay sa mga bagay na talamak sa isang lugar ay nagiging simbolo o palatandaan ng mga tao sa lugar. Sa kasong ito, ang "purog" o luwad na matatagpuan sa sapa ay nagsilbing palatandaan upang matukoy ang tamang purok.

*Pisikal na Katangian ng Purog Cave.* Batay sa pagkakalarawan ng mga impormante, ang kuweba ay matatagpuan sa paanan ng bundok ng Purok Purog sa Barangay San Pascual, tinawag ito ng mga matatanda na noon na "tiris," isang lokal na termino na tumutukoy sa pagguho o paggalaw ng lupa. Ayon kay Ronnie B. Hamor, 60 taong gulang, ang punong barangay ng Barangay San Pascual, nagkaroon ng pagguho sa bundok at nakita ang puwang sa ilalim ng lupa, na kalaunan ay naging kuweba, isang natural na proseso na nangyayari sa

kalikasan. At dahil matatagpuan ang kuweba sa Purok Purog, kaya tinawag itong Purog Cave. Ang katangian ng kuweba ay kakikitaan ng likas na bahagi ng kalikasan. Ito ay pinapaligiran ng mga makakapal na damo, mga puno, ligaw na halaman, mga puno ng niyog, mga Cogon Grass sa paligid ng bundok at sa likod ng bundok ay may ilang kabahayan. Ang Bura-Buran River, *Pigura 4* ay makikita sa harap ng kuweba, kaya't nagiging malambot ang lupa sa paligid nito. Ito ay isang mahalagang anyo ng heograpikal na may epekto sa kalikasan at buhay ng mga tao sa paligid ng kuweba. Mayroon ding natural na pagbabago na nangyayari sa paligid ng kuweba dahil sa panahon o klima katulad ng pag-ulan.



**Pigura 4:** Ang Bura-Buran River sa harap ng Purog Cave

Ang daanan patungong Purog Cave ay kailangan dumaan sa Purok Sampalok, mayroong kabahayan na daraanan, tatawirin ang Bura-Buran River, at pagkatapos ay aakyatin ang unang bunganga ng kuweba gamit ang mga baging o ugat ng mga puno. Aabot sa 5-10 minuto ang lalakarin mula sa kalsada para maabot ang unang bunganga at 3-5 minuto naman mula sa unang bunganga patungo sa ikalawang bunganga, ito'y magkalapit lamang.



**Pigura 5:** Ang unang bunganga ng Purog Cave

Makikita sa pigura 5 ang unang bunganga kung saan tanaw ito mula sa ilog at Purok Sampalok. Ang lupa sa paligid ng kuweba ay madalas na malambot na kapag hinawakan ay pino at pin ang lupa kaya't kinakailangan ng labis na pag-iingat habang paakyat at papasok sa kuweba.

Sa ikalawang bunganga naman, sa kanang bahagi ng bundok ay naroon ang makahoy na daanan at ilang mga ligaw na halaman, mayroong pataas na lupa na aakyatin at makikita ang ikalawang bunganga ng kuweba. Malawak ang loob, maprekso at may maputing lupa, katulad ng unang bunganga ay wala ring labasan ang ikalawang bunganga ng kuweba. Ang Purog Cave ay may mga matitigas na pader na isang uri ng luwad na kulay puti, na tinatawag na "baras" ng mga residente. Ang bunganga o "bintana" kung tawagin ng mga residente ay tinatayang 3 metro ang lawak, subalit mas malawak sa loob na kayang magsilbing kanlungan ng 10-15 katao sa loob.



**Pigura 6:** Ang ikalawang bunganga ng Purog Cave na kuhang larawan mula sa harap ng kuweba



**Pigura 7:** Ang ikalawang bunganga ng Purog Cave na kuhang larawan mula sa loob ng kuweba

Ang Purog Cave ay isang likas na yaman na may kaugnayan sa komunidad, mayaman sa baras, luwad, at mga halaman dahil sa kalapit nitong ilog at bundok ng Purok Purog. Pinapahalagahan ito ng mga residente bilang yaman na maipagmamalaki. May malaking implikasyon ito sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa kalikasan sa pagtutulungan ng lokal na pamahalaan at komunidad upang mapabuti ang agrikultura at kalikasan. Ayon kay Lopez (2019) ang pagpapahalaga sa kalikasan ay makakamtan sa pamamagitan ng edukasyon at pangangalaga, na magdudulot ng moral at pangkapaligirang pag-unlad. Ang mga kuweba sa Casiguran ay patunay ng halaga ng kalikasan na buhay mula noon hanggang ngayon.

Ang mga kuweba ay hindi lamang isang pisikal na pook, kundi isang buhay na sistema na nagsusustento sa mga uri ng hayop at iba pang organismo na may malaking bahagi sa kalikasan.



**Pigura 8:** Mga hayop at insekto na naninirahan sa loob ng kuweba.

Ayon sa mga impormante, ang mga larawan na makikita ay ang mga hayop at insektong naninirahan sa Purog Cave tulad ng paniki o "kulabidong", gagambang kuweba o "lawa sa kuweba", at kuliglig o "duli-duli" na ipinapakita na ang kuweba ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng kalikasan, na nagsisilbing tahanan para sa mga hayop at insektong tumutulong sa pagbalanse ng ekosistema.

Nangangahulugan na ang pag-preserba ng mga ganitong lugar ay mahalaga upang mapanatili ang balanseng kalikasan. Bagamat walang nakitang sinaunang gamit o bakas ng mga sinaunang tao, ito ay naging indikasyon ng kung paano ang mga kuweba ay nagsisilbing natural na kanlungan para sa mga hayop at insekto na may mahalagang papel sa ekosistema. Sa ganitong paraan. Kung mawawala o magbago ang mga tirahan ng mga nilalang na ito, maaaring magdulot ito ng negatibong epekto sa kalikasan.

Samakatuwid, ang pangangalaga sa mga kuweba at sa mga nilalang na naninirahan dito ay may malalim na implikasyon sa pagpapanatili ng kalikasan at ekosistema. Nakasaad sa aklat ng DENR (2008) na may pamagat na *A Handbook on Cave Classification for the Philippines* na ang mga kuweba ay napakahalaga para sa pangangalaga ng kalikasan. Nagbibigay ito ng tirahan sa ilang mga hayop na nanganganib na maubos sa bansa na hindi kabilang sa mga protektadong lugar sa kasalukuyan.

*Liyang.* Ang Liyang Cave na matatagpuan sa Barangay Mabini ay hinango ang pangalan mula sa katangian na makikita sa paligid ng kuweba. Ayon kay Lemy Esperida, 78 taong gulang, dating punong barangay, may likas na tubig na dumadaloy mula sa loob ng kuweba na kung tawagin ay "sagurong" at isang mistulang talon sa harap nito na ang tubig ay mula sa sapa ng palayan, na nagdaragdag sa kagandahan ng lugar. Dati ring pinagkukunan ng tubig ang bukal sa kuweba ng mga residente, kung saan sila naglalaba, nag-iigib, at naliligo noon. Narito ang kaniyang sinabi.

> *"Inapod yan na Liyang ta pan-o may tubig na hali sa kabas-an, nahuhulog sa ibaba sa harap kan kuweba, masulog ito, tapos sa may gilid may tubig na nagbubulos hali sa laog kan kuweba, inaapod baga na sagurong"*
>
> ***(****Tinawag na Liyang dahil ang tubig mula sa palayan ay nahuhulog sa harap ng kuweba, malakas ang agos nito, at sa tabi ng kuweba ay mayroong tubig na umaagos mula sa loob na kuweba na kung tawagin ay bukal.)*



**Pigura 9:** Ang Liyang Cave sa Barangay Mabini



**Pigura 10:** Ang bukal o “sagurong” na matatagpuan sa kanang bahagi ng kuweba

Ang pahayag ng impormante at mga pigura ay nagpapakita ng likas na katangian ng Liyang Cave, kung saan may buhay na tubig na umaagos. Ang pangalan ng kuweba ay ibinatay sa likas na katangiang ito, partikular ang tubig na dumadaloy mula rito, na naging mahalagang bahagi ng lugar at komunidad. Ang Barangay Mabini ay sagana sa tubig mula sa bundok, kaya't ang pangalan ng kuweba ay nagmula sa likas na yaman ng pook. Ang pangalan ng kuweba ay simbolo ng pagpapahalaga ng mga residente sa kanilang mga patubig.

Ito ay nagpapakita na ang kalikasan ay mahalagang bahagi ng pamumuhay ng tao, lalo na kapag ito ay napapangalagaan. Ayon kay Peña (2015), ang pamumuhay ng tao ay hindi maihihiwalay sa kapaligirang mayroon sila. Ang tubig mula sa kuweba ay may direktang kaugnayan sa kabuhayan ng mga tao, kaya't ang pangalan ng Liyang Cave ay nagsisilbing simbolo ng kanilang buhay at pagkakakilanlan bilang komunidad.


*Pisikal na Katangian ng Liyang Cave.* Batay sa pagkakalarawan ng mga impormante ang kuweba ay isang natural na kuweba na may makipot na daan papasok at hindi matiyak ang dulo. Tinatayang tatlong talampakan ang lawak ng bunganga at 20 metro ang haba ng lagusan kaya’t kinakailangang gumapang papasok sa kuweba. Ang pader ng kuweba ay matitigas na bato na tinatawag na “batiris” ng mga residente sa lokal na termino. ito ay nasa ilalim ng isang palayan, at may paniniwala ang mga residente na ang dahilan ng mabilis na pagkaubos ng tubig sa palayan ay napupunta sa loob ng kuweba. Isinalaysay rin ng mga Impormante na mayroong maliit na lawa sa loob ng kuweba, na tinatawag nilang “danao” na may kaugnayan sa Ginang-an, isang buhay na tubig na

matatagpuan sa Purok 4.



**Figura 11**: Ang makipot na bunganga ng Liyang Cave

Sa kabila ng pagiging misteryoso ng kuweba, patuloy pa rin ang masaganang ani ng mga magsasaka. Dagdag pa nila, ang Barangay Mabini at karatig barangay nito ay nasa dalisdis ng Bulkang Bulusan, kaya't may koneksyon kung bakit may mga buhay na tubig o "orok" sa kanilang lugar. Kasabay ng pagkalikha ng kalikasan ay ang pag-usbong rin ng kuweba sa nasabing lugar.




~*halaw sa* ***OpenStreetMap***

**Figura 12:** Mapa ng Bulkang Bulusan at Barangay Mabini

Ipinapakita sa mga datos na ang Liyang Cave ay isang natural na kuweba, na may mga likas-yaman tulad ng mga hayop at insekto, kabilang ang paniki, bayawak, at balinsasayaw. Ang mga kuweba ay nagsisilbing tirahan at proteksyon para sa mga nilalang na ito, na tumutulong sa pagpapanatili ng balanse sa ekosistema.

Ang Liyang Cave ay isang mahalagang bahagi ng kalikasan dahil sa mga likas na katangian nito tulad ng bukal o "sagurong," na nagmumula sa loob ng kuweba at dumadaloy patungong Aroroy River, mga matatayog na puno, matibay na batong pader o "batiris," at malawak na palayan. Ang mga elementong ito ay nagpapakita ng koneksyon ng kuweba sa kalikasan at ang papel nito sa pagpapanatili ng likas na yaman at kalikasan sa paligid.

Sa kabuoan, may malaking implikasyon ito sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa sa kahalagahan ng kalikasan. Ayon kay Aly, M. Nilzam et al. (2021), ang tamang pamamahala at pagsusuri sa pagpaplano ng mga kuweba, pati na rin ang pagsasangkot ng mga stakeholders, ay magpapalakas sa pangangalaga sa mga ito. Ayon din sa UNESCO (2014), ang mga kultural at likas na pamana ay mga hindi mapapalitang yaman na nagsisilbing

inspirasyon at dapat ipasa sa susunod na henerasyon. Ang Liyang Cave ay isang patunay ng pamana ng nakaraan na patuloy na buhay at mahalaga sa kasalukuyan.

*3.2 Mga Kuwento ng Purog Cave at Liyang Cave na bahagi ng Kultura ng Komunidad*

Ang Purog Cave at Liyang Cave ay hindi lamang likas na kuweba, kundi nagsisilbing mahalagang bahagi ng kultura ng komunidad, na pinaniniwalaan at pinahahalagahan ng mga residente. Ang mga kuwentong nakapalibot sa mga kuweba ay sumasalamin sa makulay na kultura, kasaysayan, misteryo, at espiritwalidad na minana mula sa mga nakaraang henerasyon, at itinuturing itong buhay na kultura ng komunidad. Sa mga kuwentong ito, makikita ang pagpapahalaga, simbolo, paniniwala, at norms ng mga residente hinggil sa pagtingin sa kuweba bilang bahagi ng kanilang komunidad. Ipinapakita nito ang malalim na ugnayan at koneksyon ng mga tao sa kanilang kalikasan at kung paano ang mga kuwento ay nagsisilbing gabay sa kanilang pananampalataya at pang-araw-araw na buhay. Kabilang sa mga kuwento ang apat na uri: kuwentong kababalaghan at paggalang sa kalikasan, kuwentong pinagmulan, kuwentong pangkasaysayan, at kuwentong karanasan sa pagtuklas ng kuweba. Ang mga temang ito ay napagsunod-sunod mula sa pinakamaraming bilang ng mga kuwento hinggil sa dalawang kuweba.

Isa sa mga mahalagang bahagi ng kultura ay ang mga *Kuwentong Kababalaghan* na may kaugnayan sa mga kuweba. Ayon kay Ma. Susan Halum, 62 taong gulang, may kuwento siya mula sa kanyang lola tungkol sa Mampak sa Purog Cave, isang dambuhalang ibon na kayang kumain ng tao at sinasabing nanirahan sa kuweba. Mayroon ding mga paniniwala ng mga residente na nagsasabing may aswang o "taong lipod" sa kuweba. Maging sa Liyang Cave, may mga impormante na nagsasabing may mga espiritu o "taong lipod" na nagbabantay sa lugar, na nagpapakita ng paggalang at pag-iingat tuwing dumadaan sa mga liblib na pook. Narito ang salaysay ng Impormante 08.

> *"Sabi kaidto kan lola ko, igwa diyan ki nagtatago kaidto na dakulaon na bayong, nansasaklot nan nangangaon ki tawo, an tig-aapod ninda na Mampak"*
>
> *(Sabi noon ng aking lola, mayroong nagtatago diyan noon na malaking ibon, Nangunguha at kumakain ng tao, yan ang tinatawag nilang Mampak.)*

Ipinapakita sa salaysay ng impormante na buhay na buhay ang mga pasaling-saling kuwento na patuloy na pinaniniwalaan ng mga residente hanggang sa kasalukuyan dahil sa ito ay naging bahagi na ng kanilang kultura at kasaysayan.

Batay naman sa mga residente ng Barangay Mabini, ang Liyang Cave ay puno ng hiwaga at misteryo. Isa sa mga kilalang kuwento ay ang tungkol sa isang batang babae na naglalaba at naliligo sa harap ng kuweba. Isang araw, binigyan siya ng isang sakong pera ng isang nilalang mula sa loob ng kuweba. Dinala niya ito sa kaniyang mga magulang, ngunit pinagpapalo siya ng kaniyang ama dahil dito nasiraan ng bait, at hindi na gumaling. Narito ang sinabi ng Impormante 11.

> *"An istorya kaidtong si mama, may aki na babayi kuno na naglaba o nagkarigos duman, tigtaw-an ki sarong sako na kuwarta kan tawo na hali sa kuweba, pagdara sa magurang tigaparabaudan an aki, nabuang na ito na aki nan dai na nagrahay."*
>
> *(Ang kuwento noon ng aking ina, may batang babae na naglaba o naligo doon, binigyan ng isang sakong pera ng nilalang mula sa kuweba, pagdala sa magulang pinagpapalo ang bata at nawala sa katinuan hanggang sa hindi na gumaling.)*

Ipinahayag sa kuwento ng impormante na may pangyayari sa komunidad na nagsilbing paalala sa kanila na hindi kayang maipaliwanag ng mga tao, na nagdulot ng takot at paggalang sa mga nilalang mula sa kuweba, ang mga kuwentong ito ang nagiging dahilan upang kanilang respetuhin ang mga nilalang ng kalikasan. May isa pang kuwento tungkol sa isang batang naglalaro malapit sa kuweba. Pagkatapos ng araw na iyon, nagkasakit ang

bata at pumanaw. Ayon sa mga albularyo, kinuha siya ng "bantay" ng kuweba. Dahil dito, ipinagbawal ng mga matatanda sa lugar ang paglapit ng mga kabataan sa kuweba. Ayon pa sa iba, tuwing anibersaryo ng pagkamatay ng batang iyon, naririnig ng ina ang boses ng kaniyang anak mula sa loob ng kuweba. Narito ang sinabi ng Impormante 16.

> *"Igwa talaga tawo dihan sa dai nakikita, igwa dihan ki aki na nagkakanam sa kabas-an, bagan nagkasakit ito batog lang kaito, namatay ito madaliun lang, pero sabi kan albularyo, yaon lang daw dihan, kinuha kan bantay, kaya sabi nira lola, dai may mag-iba na aki duman sa Liyang, sabi pa kan lola ko pag pag-anibersayo kan pagkagadan, nababati ito san ina dihan sa kuweba. Kaya grabe man an pagrespesto mi sa kuweba na an, kaya baga pag may bagyo, dai naruruba, dai natitibag, may tawo talaga diyan."*

> *(Mayroon talagang tao diyan, iyong hindi nakikita, mayroon diyan bata noon naglalaro sa palayan, parang nagkasakit iyon simula lang ng araw na iyon, pumanaw iyon, mabilis lang ang pangyayari, pero sabi ng albularyo, nandiyan lang daw sa kuweba, kinuha ng bantay, kaya sabi nila lola, wala nang pupunta na bata doon sa Liyang, sabi pa ng lola ko kapag anibersaryo ng pagpanaw, naririnig raw ng ina ang anak niya diyan sa kuweba. Kaya malaki ang pagrespeto namin sa kuweba na iyan, kaya diba kapag may bagyo, hindi nasisira, hindi natitibag, may tao talaga diyan.)*

Batay sa salaysay naman ng impormante sa kuwento, ito ay nagbigay aral sa kabataan na mag-ingat at magbigay galang sa pagtatrato sa kalikasan. Dagdag pang kuwento, may isang aso noon na umaatungal sa harap ng kuweba, at binaril ito ng isang lalaki. Ilang araw matapos ang pangyayari, pumanaw ang lalaki sa hindi malamang dahilan. Ayon rin sa mga karanasan ng mga residente na malapit sa kuweba, tuwing kabilugan ng buwan, naririnig nila mula sa loob ng kuweba ang mga kakaibang tunog tulad ng may pumupukpok, naghuhugas, nagluluto, at may tugtugan, na pinaniniwalaan nilang nagmumula sa mga nilalang na naninirahan sa loob ng kuweba. Ito ang dahilan kung bakit ganoon na lamang ang pag-iingat at paggalang ng mga residente sa kuwebang mayroon sa kanilang lugar.

> *May nagpara-ungal na ayam, binadil san lalaki, an ayam hali sa buklod duman sa Liyang, nan sabi tinamaan kuno ta nagparahibi, gadan kuno ito na lalaki, dai man maaraman ang rason. Uru-istorya man duman sa taas, na kapag bulanon kuno, may nakikita na nilalang duman, nan may namamati sinda na nagpurupukpok, tuturugtog nan naghuhurugas duman hali sa laog kan kuweba. Kaya dai kami masyado naglalabot diyan."*

> *(May umaatungal na aso, binaril ng lalaki, an aso galing sa bundok, doon sa Liyang, At sabi natamaan raw kaya umiyak, patay raw iyong lalaki, hindi naman nalaman ang dahilan. Usapan naman doon sa itaas na kapag bilog ang buwan, may nakikita na nilalang doon, at may naririnig sila na pumupukpok, may tugtugan at naghuhugas mula sa loob ng kuweba. Kaya hindi kami nakikialam diyan.)*

Sa kuwentong ito ng mga impormante, mas lalong nabigyang-diin ang kanilang paniniwala na hindi lamang tao ang dapat igalang sa mundong ibabaw, kundi pati na rin ang mga nilalang na hindi natin nakikita at ang mga bagay na hindi natin kayang ipaliwanag. Mahihinuha mula sa kanilang mga kuwento na naglalarawan ng buhay na kultura ng pagpapakita ng respeto sa kalikasan at mga espiritu nito. Pinapakita ng mga residente ang kaugalian ng paggalang sa pamamagitan ng mga ritwal at paniniwala, tulad ng paggamit ng "bulong," isang karunungang-bayan upang magbigay galang sa mga nilalang ng kalikasan. Ang mga pahayag tulad ng "Tabi, tabi po," at "Makikiigib lang po, wala po kaming masamang intensyon," ay mga halimbawa ng kanilang respeto sa mga kuweba, na itinuturing nilang sagrado. May mga ritwal din, tulad ng pag-aalay ng manok kapag may taong naeengkanto, na inirerekomenda ng mga albularyo upang makabalik ang buhay o gumaling ang isang tao, na isang buhay na kultura ng paniniwala sa albularyo.

Ang mga paniniwala at ritwal na ito ay may malalim na implikasyon sa kung paano tinitingnan ng komunidad ang kalikasan. Ang mga ritwal, tulad ng "bulong," ay nagpapaalala sa mga tao ng espiritwal na koneksyon nila sa kalikasan, na hindi lamang ito pisikal na espasyo kundi may mga nilalang na nararapat igalang. Ayon kay Evasco (2000), ang kalikasan ay madalas na pinagmumulan ng mga alamat at mito, tulad ng mga kuwento ng Mampak na dambuhalang ibon, mga "taong lipod" na bantay ng kuweba, at iba pang kababalaghan na nagpapakita ng papel ng kalikasan at mga nilalang nito sa kultura ng mga tao. Ang mga kuwentong ito ay nagpapatunay na ang kalikasan at ang mga espiritu nito ay may mahalagang papel sa pamumuhay at kultura ng komunidad.

*Kuwentong Pinagmulan.* Ang bawat lugar ay may kaniya-kaniyang kuwentong pinagmulan ng pangalan, isang kuwento na nagsisilbing pagkakakilanlan at nag-uugnay sa kasaysayan at kultura ng komunidad. Ang mga pangalan ng lugar ay hindi lamang mga salita, kundi simbolo ng buhay at koneksyon sa kalikasan na nagpapahalaga sa bawat pook at nagiging bahagi ng kolektibong identidad ng komunidad. Ayon sa mga kuwento ng impormante, ang pangalan ng Purog Cave sa Barangay San Pascual ay nagmula sa lokasyon ng lugar sa Purok Purog, na kilala sa yaman ng luwad at ang pagguho ng bundok na nagbukas sa kuweba. Samantalang ang Liyang Cave naman ay nakuha ang pangalan mula sa tubig na umaagos mula rito, na isa ring likas na katangian ng lugar. Kapwa ang Purog at Liyang Cave ay may kaugnayan sa kalikasan, kaya't ang mga pangalan ng kuweba ay nagsisilbing simbolo ng pagpapahalaga sa likas na yaman ng komunidad. Ang mga kuwentong ito ay nagpapakita ng kultura ng komunidad sa pagpapahalaga at paggalang sa kalikasan, partikular sa pagbibigay ng pangalan sa mga lugar. Bagaman magkaiba ang pinagmulan ng pangalan, parehong nagpapakita ang Purog Cave at Liyang Cave ng ugnayan ng tao sa kalikasan. Ayon kay Diaz (2024), mahalaga na malaman ng mga tao ang pinagmulan ng pangalan ng kanilang lugar upang magkaroon ng mas malalim na pagkilala sa sarili. Mahalaga rin na buhayin ang mga natatagong panitikan ng komunidad upang mapanatili ang kultura, kasaysayan, at tradisyon ng mga tao, at upang magbigay gabay at inspirasyon sa kanilang pag-unlad bilang komunidad.

*Kuwentong Pangkasaysayan.* Ang Purog Cave ay nagsilbing kanlungan ng mga residente noong panahon ng pananakop ng mga Hapon, habang ang Liyang Cave ay naging taguan ng mga sundalong Hapon. Ang parehong kuweba ay naging saksi sa makasaysayang laban ng mga gerilya at sundalo, at nagsilbing proteksyon sa mga tao sa gitna ng digmaan. Gayunpaman, walang natagpuang artifacts o ukit sa pader bilang ebidensya ng mga sinaunang nanirahan, ngunit ang mga kuwentong ito ay nagpapatunay ng kahalagahan ng mga kuweba sa kasaysayan ng komunidad. Ang mga kuwentong pangkasaysayan na ito ay nagpapalalim ng ugnayan ng komunidad sa kanilang lugar at nagpapayaman sa kanilang kultura. Ayon kay Nataño (2017), ang mga kuwentong bayan ay nagpapakita ng kulturang sumasalamin sa isang partikular na lugar, at ito rin ay isang mahalagang bahagi ng kasaysayan at identidad ng komunidad. Pinagtibay rin ng DENR (2009) na ang mga kuweba ay mahalagang pinagkukunan ng impormasyon hinggil sa nakaraan at ugnayan ng mga sinaunang tao sa kanilang kapaligiran. Sa madaling salita, ang mga kuweba at kuwentong nauugnay dito ay mahalagang bahagi ng kasaysayan at kultura ng mga komunidad.

*Kuwentong Karanasan sa Pagtuklas sa Kuweba.* Marami ang mga naibahaging personal na karanasan ng mga impormante patungkol sa pagpasok sa kuweba na nagbigay sa kanila ng malinaw na kahulugan at kahalagahan ng lugar. Ayon sa mga impormante, sa pagpasok nila sa Purog Cave, nakaramdam sila ng takot at pananabik na matuklasan kung ano ang makikita sa loob. Natatakot sila na baka matabunan dahil sa malambot na lupa na maapakan paakyat sa kuweba, at natatakot din sila dahil sa mga kuwentong naririnig na may mga hindi nakikitang nilalang na naninirahan sa loob. Sa kabila nito inilarawan nila ang kuweba na maganda at malawak ang loob ng kuweba, may maputi at tuyo ang lupa kung kaya't may mga gukoy na naninirahan doon. Bukod dito, presko rin ang pakiramdam dahil nasa loob ng lupa o kuweba. Noon, madalas rin daw silang maglaro at magtambay sa kuweba dahil sa malamig at tahimik na kalikasan ng lugar. Ang mga baras o luwad sa paligid ay ginagawa nilang mga bola-bola o iba't ibang hugis mula sa lupa. Narito ang sinabi ng Impormante 02.

> *"Nakalaog na ako dihan, duwa ina na buru-bintana, kinapoy ako magsakat, pero naeexcite ako maglaog nan nahahadlok ta basi may halas dihan o maglinog, luway-luway ako, pero*

*pagbungad mo sa hampang kan kuweba, mahanginun. Pag naglaog ka duman halos irog kuon kataaas, labaw pa sa tawo, tapos daing lusutan pero pwede ka duman magsirung, dai ka duman mauuranan, nan maputiun ang baybay, baras kun apudon, tapos mara, nan mapreskuhon sa pamati. Pero sabi ninda may bantay daw diyan."*

*(Nakapasok na ako diyan, dalawa iyan na kuweba, napagod ako umakyat, pero nasasabik ako pumasok at natatakot, baka may ahas doon o lumindol, dahan-dahan ako, pero pagtayo mo sa harap ng kuweba, mahangin. Kapag pumasok ka doon parang ganito kataas, lampas sa tao, tapos walang labasan pero maaari ka doon sumilong, hindi ka doon mauulanan, at maputi ang buhangin, baras kung tawagin, tuyo, at mapresko sa pakiramdam. Pero sabi nila may bantay raw diyan.)*

Sa salaysay na ito ng impormante tungkol sa Purog Cave ay nakitaan ng positibo at negatibong karanasan na makatutulong sa pagbibigay ng interprestasyon, kahulugan at pagpapahalaga sa lugar. Ang bawat karanasan na nagbigay ng mga kasagutan sa mga nais malaman.

Sa Liyang Cave, ibinahagi ng mga impormante ang kanilang mga karanasan sa pagpasok at pagpunta sa kuweba. Ayon sa kanila, natatakot silang pumasok dahil sa pangambang baka isara ito ng mga bantay o "taong lipod" at hindi na sila makalabas, kaya't nasabi nilang may hiwaga at misteryo ang lugar. Ang ilang nakapasok na sa kuweba ay hindi matuloy-tuloy patungo sa dulo ng lagusan, kaya't hindi matukoy ang hangganan nito dahil sa takot at pangamba na nangingibabaw. Subalit nailarawan nila ang kuweba na mayroong mahabang lagusan at may malalaking bato sa loob na nakaharang, ngunit hindi makakatayo dahil makipot ang daan. Nabatid din nilang maraming paniki ang naninirahan sa loob ng kuweba, maging mga balinsasayaw, at bayawak. Maganda at maaliwalas sa harap ng kuweba dahil sa mapreskong tubig na nagmumula sa talon at bukal. Subalit, dahil sa mga kuwentong kumakalat sa komunidad na may bantay ang kuweba, bihira ang pumupunta o tumutuklas dito. Dahil dito, may ilang residente na mistulang banyagang lugar ang Liyang Cave sa kanila. Ayon sa mga nakakaalam sa kuweba, ito ay parang paraiso sa ilalim ng palayan. Sa pagtuklas at pagpasok ng mga impormante, parehong ibinahagi na walang anumang materyal na nakita sa loob ng kuweba subalit nananatiling buhay dahil sa mga kuwento at karanasan na pinahahalagahan ng mga residente. Narito ang sinabi ng Impormante 11.

*"Nahadlok ako magdiretso sa laog kan kuweba kung dai na makabalik kun sarahan, ta may bantay, nan nakarawan na ako dihan kaya dai na ako nagpapararani."*

*(Natakot ako tumuloy sa loob ng kuweba baka hindi na makabalik kung isara, dahil mayroong bantay "hindi nakikitang nilalang", at na-engkanto na ako diyan kaya hindi na ako lumalapit.)*

Narito naman ang sinabi ng Impormante 13.

*"Naglaog na ako dihan, dakol dihan an saraday na paniki, saradayun lang, gari maya kadaragko, may tubig sa laog, nan ang pader maling mga bato, batiris. Madulumon ta dai man ki liwanag, pag-abot mo duman sa laog, maribok ang paniki, sige ang urugik-ugik, pag-laog makapang ka paatras, una an bitis sa paglaog, ta kun ulo an mauuna, masusuhi ka, mahuhulog ka ta dai nakikita sa laog, pababa idto, di mi man naabot ang durho, halaba iyan."*

*(Pumasok na ako diyan, marami diyan ang maliit na paniki, maliliit lang, parang kasinglaki ng maya, may tubig sa loob, at ang pader parang mga bato, batiris. Madilim kasi walang liwanag, pagdating mo sa loob, maiingay ang paniki, pana'y ang huhuni, pagpasok gagapang ka paatras, mauuna ang paa sa pagpasok dahil kung ulo ang mauuna, mababaliktad ka, mahuhulog ka kasi wala kang nakikita sa loob, pababa iyon, hindi namin naabot ang dulo, mahaba yan.)*

Batay naman sa salaysay ng karanasan ng impormante sa pagtuklas sa Liyang Cave sa Barangay Mabini ay nagkaroon ng dalawang magkaibang paglalarawan tungkol sa kuweba, natatakot at nag-aalinlangan dulot sa mga kuwentong naririnig, samantalang ang ilang residente na nakapasok ay nalaman at nakita kung ano ang mga likas

na yaman na mayroon sa loob ng kuweba. Nangangahulugan ito na ang mga personal na karanasan ng mga impormante tungkol sa kanilang pagpasok at pagtuklas sa Purog Cave at Liyang Cave, at kung paano ito nagbigay sa kanila ng kahulugan at kahalagahan bilang isang lugar. Ang mga impormante ay nagbahagi ng mga damdamin ng takot at pananabik nang pumasok sila sa kuweba, pati na rin ang mga agam-agam tungkol sa mga bantay. Gayunpaman, tinukoy din nila na sa kabila ng takot, may mga magagandang aspeto ang kuweba: malawak, maputi at tuyo ang lupa, mapresko, tahimik, mistulang paraiso, at maaliwalas. Ang kuweba, kahit na may mga takot na kaakibat, ay isang lugar ng proteksyon at kasiyahan, pati na rin ng mga alaala at kuwento na nagpapaalala ng kahalagahan nito sa kanilang buhay. Sa pamamagitan ng karanasan hinggil sa kuweba, makikita sa kultura nila ang malalim na ugnayan sa kanilang mga paniniwala at kaugalian na tumutok sa mga pamanang kultural ng kanilang lugar.

Malaking implikasyon ito na ang mga pahayag at personal na karanasan ay nagpapakita kung paano ang takot, alaala, at kultura ng isang komunidad ay humuhubog sa kanilang ugnayan o relasyon sa kalikasan at sa mga makasaysayang pook. Ayon sa pag-aaral ni Quintos (2020) ang lahat ng aspeto ay nagiging magkakaugnay sa pagbuo ng kayarian at kahulugan, na umuukit sa mga damdamin ng takot at pagkasindak na matatagpuan sa mga siwang, patlang, at puwang sa pagitan ng kultura at kalikasan. Ipinapakita nito ang ugnayan ng kultura at kalikasan sa paghubog ng mga karanasan, kahulugan, at emosyon na bumabalot sa isang partikular na lugar o sitwasyon. Sa kaso ng kuweba, nagbigay ito sa komunidad ng isang espesyal na pagpapakahulugan, batay sa mga karanasang nakaugnay sa lugar.

### *3.3 Potensyal na ambag sa turismo ng mga nabanggit na kuweba batay sa pananaw ng komunidad sa Barangay San Pascual at Mabini, Casiguran*

Napakahalagang maisadokumento at malaman ang mga kuwento ng Purog Cave at Liyang Cave upang malaman ang pinagmulan, kahalagahan at ang potensyal na ambag nito sa turismo. Malaki ang maitutulong ng pagsasadokumentong ito para sa dalawang barangay at sa turismong Casiguranon. Narito ang mga potensyal na ambag sa turismo ng dalawang kuweba na maituturing na hiyas ng kalikasan batay sa pananaw ng komunidad na nakapaloob sa tatlong tema; pag-unlad; *aangat ang ekonomiya ng barangay, pag-unlad ng imprastraktura,* pagkilala; *pagdagsa ng mga turista, pagkakaroon ng natatanging pagkakakilanlan*, pagpreserba; *pagpapalaganap ng kultura at kasaysayan, at pangangalaga at pagprotekta sa kalikasan.*

***Pag-unlad.*** Sa pakikipanayam ng mananaliksik, isa sa mga positibong tugon ng mga impormante hinggil sa ambag ng kuweba sa turismo ay ang potensyal nitong magdulot ng pag-unlad sa kanilang komunidad. Unang ambag sa pag-unlad, ***Aangat ang ekonomiya ng barangay***. Magbubukas ng bagong oportunidad sa mga residente kapag ang kuweba ay naging ganap na atraksiyon. Magkakaroon ng mga bagong kabuhayan sa barangay tulad ng mga kainan, tour guides, camping sites, panandaliang tirahan, at iba pa. Narito ang turan ng Impormante 12.

> *"Magkakaigwa ki dagdag kabuhayan, nan sa ikararahay an kan barangay"*
>
> *(Magkakaroon ng dagdag kabuhayan at para sa ika-aangat iyan ng barangay.)*

Batay sa tugon ng impormante, makatutulong ang kuweba sa pamumuhay ng komunidad kung magiging ganap itong atraksiyon. Magdudulot ito ng sabay-sabay na pag-unlad sa ekonomiya ng barangay at turismo sa kanilang lugar. Magkakaroon ng pagkakataon ang lokal na pamahalaan na makapagplano upang mapanatili ang balanse ng kalikasan at pagpapalago ng ekonomiya. Malaki ang epekto ng turismo sa pagpapalago ng kabuhayan at ekonomiya ng barangay. Ang maayos na pagpapakilala ng mga atraksiyon at mga kuwento ng kuweba ay makatutulong sa komunidad na magbigay ng bagong oportunidad sa trabaho at kabuhayan at mapalaganap ang kultura at kasaysayan.

Ang paglago ng turismo sa barangay ay may potensyal na magdulot ng napapanatiling pag-unlad, ngunit nangangailangan ito ng tamang pangangalaga at pagpaplano upang masiguro ang pangmatagalang benepisyo

para sa komunidad at kalikasan. Ayon kay Surban (2022), ang pagtuklas sa mga kuwentong may kaugnayan sa mga atraksiyon ay nagdudulot ng maraming benepisyo sa komunidad, kaya't mahalaga na ito ay mapangalagaan, protektahan, at pahalagahan. Patunay na may malaking potensyal ang turismo sa pagpapalago ng ekonomiya ng isang bansa. Dahil dito, ang pagsasadokumento ng mga kuweba ay mahalaga upang magsilbing batayan ang lokal na pamahalaan sa pagsusulong ng mga potensyal na atraksiyon sa bayan ng Casiguran.

Ikalawa ay ang ***Pag-unlad ng imprastraktura***. Ang pagsasadokumento at pagpapakilala sa mga kuweba ng barangay ay magsisilbing daan upang makilala ang lugar at maakit ang mga turista na nais tuklasin ang mga natatanging kuweba. Kapag naging tanyag ang lugar, inaasahang dadami ang bilang ng mga turista na bibisita upang matuklasan at maranasan ang kagandahan ng mga kuweba. Dahil dito, magkakaroon ng pagkakataon upang mapaayos at mapalawak ang mga kalsada papunta sa barangay at sa mga kuweba, na magbibigay ng mas madaling paraan sa mga bisita. Narito ang pahayag ng Impormante 15.

> *Kapag naging atraksiyon yan na kuweba, magayon, mapaparahay ang mga dalan palaog sa barangay namon"*
>
> *(Maganda, kung magiging atraksiyon iyan na kuweba mapapaayos ang mga kalsada, papasok sa aming barangay.)*

Batay sa pananaw ng impormante, ang ambag ng kuweba kapag naging atraksiyon ay mapaglalaanan ng panahon at pundo ang mga daanan para sa mga turista. Nangangahulugan ito na ang pagtuklas sa mga kuweba ay isang hakbang upang maabot ang mga inasaahang madla o turista na interesado sa mga likas-yaman ng kalikasan. Ang pagpapabuti ng imprastruktura ay magdudulot ng maayos at ligtas na kalsada para sa mga bibisita maging sa residente ng lugar.

Malaki ang implikasyon nito ang pagbubukas ng mga bagong oportunidad na magdudulot ng pagtaas ng ekonomiya. Mabibigyang tuon ng lokal na pamahalaan ang kanilang mga imprastraktura, partikular ang mga kalsada bilang pagsuporta sa turismong Casiguranon. Ayon sa pag-aaral nina Chua at Soreda (2018) isang mahalagang kasangkapan sa pag-unlad ng turismo ang pagbuo ng mga plano para sa pagsasaayos ng mga kalsada upang maging mas madaling maabot ng mga inaasahang turista ang atraksiyon. Kung kaya't kinailangan paglaanan ng panahon at pagpaplano ang mga potesnyal na atraksiyon na maipakilala sa publiko para sa pag-unlad ng ekonomiya.

***Pagkilala***. Sa pagtuklas at pagsasadokumento ng Purog at Liyang Cave, malaki ang pagkakataon na ito ay makikilala at kikilalanin, na magbibigay daan upang matunghayan at matuklasan ang natural na yaman ng lugar. Una, ang ***Pagdagsa ng mga turista***. Magkakaroon ng maraming turista ang bayan na makakatulong upang lalong makilala at matuklasan ang tinatagong yaman ng kalikasan. Narito ang sinabi ng Impormante.

> *"Maruruyag kami, dadarayuhon kami, dakol ang makaaram na may kuweba sa barangay mi, natural pati.*
>
> *(Matutuwa kami (kung magiging ganap na atrakisyon), dadayuhin kami, marami ang makakaalam na may kuweba kami na natural.)*

Base sa pananaw ng impormante, ang kuweba ay magiging tulay sa pagitan ng kalikasan at turismo, na magsisilbing pangunahing atraksiyon na magdadala ng mga bisita mula sa iba't ibang lugar, habang napapangalagaan at napoprotektahan ang kuweba. Sa pamamagitan ng pagbisita ng mga turista, magkakaroon ng pagkakataon ang bayan na ipakita ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan at mga likas-yaman. Gayunpaman, ang pagdami ng mga turista ay may mga implikasyon sa kalikasan. Kailangan ng mga hakbang upang tiyakin ang sustenableng turismo. Ang hindi tamang pamamahala ng mga natural na yaman ay maaaring magdulot ng pagkasira sa mga ekosistema ng mga kuweba at kalikasan. Dahil dito, mahalaga ang tamang pag-monitor, regulasyon, at edukasyon upang mapanatili ang balanseng pag-unlad ng turismo at pangangalaga sa kalikasan. Ayon kay Rajput (2019), ang turismo ay isang salik ng Sustainable Development. Kailangan ng

pamahalaan at komunidad na panatilihin ang kaligtasan ng kapaligiran habang patuloy na umuunlad ang ekonomiya. Dapat isagawa ang maayos na plano sa pagdagsa ng mga turista upang mabawasan ang presyon ng aktibidad ng turismo sa kapaligiran at mapalakas ang positibong epekto nito sa industriya ng turismo at lokal na ekonomiya, habang iginagalang ang likas na pamana ng lugar.

Ikalawang ambag ng kuweba sa turismo sa pagkilala ng naturang yaman ay ang ***Pagkakaroon ng natatanging pagkakakilanlan***. Gamit ang mga kuwento at impormasyon tungkol sa mga kuweba sa kanilang lugar, magkakaroon din ng matibay na pagkakakilanlan ang kanilang barangay, na magiging isang bagay na maipagmamalaki ng mga residente at mga turista. Narito ang sinabi ng Impormante 01.

*"Magiging landmark yan kan barangay mi, makikilala ang lugar mi gamit ang kuweba."*

*(Magiging palatandaan o pagkakakilanlan iyan ng Barangay, makikila ang lugar namin gamit ang kuweba.)*

Base naman sa impormante kung magiging ganap na atraksiyon ang kuweba ay magbibigay ito ng pagkakataon upang maipakita ang mga natatanging yaman at kultura na magsisilbing identidad ng barangay. Nangangahulugan na ang pag-usbong ng turismo ay magdudulot ng mas mataas na pagkilala at pagpapahalaga sa barangay. Ang kuweba, bilang isang natatanging atraksiyon, ay magiging mahalagang pagkakakilanlan o simbolo ng komunidad. Ito ay magpapatingkad sa pangalan ng barangay at magbibigay ng oportunidad sa mga karatig-bayan upang matuklasan ang kanilang yaman. Ang ganitong uri ng pag-unlad ay may malalim na implikasyon sa pagtataguyod ng matibay at makulay na pagkakakilanlan para sa komunidad. Ang kuweba ay magsisilbing matibay na identidad ng barangay, isang lokal na yaman na maipagmamalaki ng lugar. Ayon sa pag-aaral ni Bauca (2024) natuklasan na ang mga kuwentong lokal ay nakatutulong sa pagpreserba ng pagkakakilanlan ng isang bayan at nagbibigay suporta sa pag-unlad ng turismo. Kaya't mahalaga ang hakbang ng mananaliksik na maisadokumento ang mga kuwento ukol sa kuweba upang mas mapalaganap, mapahalagahan at mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan.

***Pagpreserba.*** Ang mga natural na bahagi ng kalikasan ay kinakailangang mapanatili, mapalaganap at mapangalagaan upang mabatid ng mga susunod na henerasyon ang kultura na mayroon sa lugar. Layunin ng pagsasadokumentong ito ang mapreserba ang likas na yaman ng kalikasan, Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga impormante ay magiging daan ang pag-aaral na ito para sa, ***Pagpapalaganap ng kultura at kasaysayan.*** Magsisilbing tulay ang pagsasadokumento ng kuweba upang mapalawak ang kaalaman tungkol sa mga natural na yaman at kahalagahan ng mga kuweba bilang bahagi ng kalikasan, kultura at kasaysayan. Ang pagbibigay pansin sa mga kuwentong-bayan, alamat, at iba pang mga kasaysayan na may kaugnayan sa mga kuweba ay mas lalo pang mapapalalim ang pagpapahalaga at pangangalaga ng mga lokal sa kanilang kultura at kalikasan. Narito ang sinabi ng Impormante 14.

*"Maaraman ninda ang kuwento kaan na kuweba nan ang kasaysayang san samong barangay."*

*(Malalaman nila ang kuwento tungkol sa kuweba maging ang kasaysayan ng aming barangay.)*

Mauunawaan na sa salaysay ng impormante na dahil sa pagtuklas ng kuweba ay matatalunton ang mga natatanging panitikan o kuwento sa likod ng atraksiyon at nasasakupang lugar nito na mas magpapaunawa at magpapahalaga sa kultura ng komunidad. Nangangahulugan ito na sa pamamagitan ng dokumentasyon ng kuweba, mababatid, mapapahalagahan, at maipapalaganap ang kultura at kasaysayan para sa mga susunod na henerasyon sa tulong ng sektor ng turismo. Magsisilbing pangunahing instrumento ang sektor ng turismo hindi lamang sa pagpapakilala ng mga makasaysayang pook, kundi pati na rin sa pagtiyak na ang mga yaman na ito ay mapangalagaan, maipakalat ang kamalayan, at mapahalagahan. Ayon sa pag-aaral ni Santayana (2024) ang mga mahahalagang impormasyon at mga bagay na may kaugnayan sa isang lugar ay may malaking epekto sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahalaga sa isang komunidad. Ang mga impormasyon tungkol sa kasaysayan, mga kuwento, at mga katangian ng lugar ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa ng mga

tao, hindi lamang ng mga residente kundi pati na rin ng mga turista. Pinapakita ng pag-aaral na ang mga natatanging kuwento at kasaysayan ng isang lugar ay nagsisilbing pang-akit para sa mga bisita, na nagbibigay ng motibasyon upang bisitahin at tuklasin ang lugar.

Ikalawa ay para sa ***Pangangalaga at Pagprotekta sa Kalikasan***. Ayon sa mga pananaw ng mga impormante ang mga kuweba tulad ng Purog Cave at Liyang Cave ay itinuturing nilang isang mahalagang bahagi ng kanilang buhay. Bagamat walang mga kamangha-manghang stalagmites, stalactites, o mga makikitang artifacts sa kasalukuyan sa mga kuweba, hindi ito nagiging dahilan upang mawalan sila ng pagpapahalaga rito. Sa kabila ng mga kuwentong bumabalot sa mga kuweba, nakikita ng komunidad ang mga ito bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang kalikasan at kabuhayan. Kaya naman, nais nilang protektahan at pangalagaan ang mga kuweba, sapagkat may malalim na koneksyon ito sa kanilang pamumuhay at kaligtasan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa sektor ng turismo.

Batay sa mga impormante, ang Purog Cave ay matatagpuan sa tabi ng Bura-Buran River, at malapit dito ang mga kabahayan ng mga residente. Kung masisira ang kuweba at mawawala ang mga puno sa paligid, may panganib na matabunan ang mga kabahayan, na magdudulot ng kapahamakan sa mga tao. Maaari ring tumaas ang tubig sa ilog, na magdudulot ng pagbaha at makakaapekto sa kanilang mga sakahan at kabuhayan. Gayundin, ang Liyang Cave, na nasa ilalim ng palayan ng komunidad, ay may malaking kahalagahan sa kanilang agrikultura. Kung hindi maprotektahan ang kuweba, may malaking posibilidad na maapektuhan ang kanilang mga kabuhayan. Iginagalang nila ang mga hiwaga ng kuweba dahil ito ay bahagi ng kalikasan na nagbibigay ng proteksyon sa kanilang komunidad. Narito ang sinabi ng Impormante 13 tungkol sa kung paano mapapangalagaan ang kuweba.

> *Pirmi an malilinisan ki maray para sa mga mabisita, nan basta dili paghiruon ang kuweba kasi natural yan nan pwede maapektuhan ang mga hararani.*
>
> *(Palagi yan malilinisan para sa mga turista at basta hindi magagalaw ang kuweba dahil natural yan at maaring maapektuhan ang mga malalapit na bahay.)*

Sa pananaw ng impormante, ang pagiging atraksyon ng kuweba ay makatutulong sa pagpapalakas ng kalinisan ng kalikasan at sa proteksyon ng komunidad. Ang pakikipag-ugnayan ng komunidad sa sektor ng turismo ay magpapaigting sa pangangalaga ng kalikasan. Ayon kay Rindam (2014), ang mga kuweba ay mahalaga sa pagpapalaganap ng kamalayan ukol sa kalikasan at sa edukasyon tungkol sa pangangalaga nito. Ang turismo ay makatutulong sa pagpapabuti ng mga hakbang sa proteksyon ng mga kuweba, at magbibigay ng pondo at estratehiya upang mapanatili ang mga pook na ito. Ang edukasyon mula sa mga programang pang-turismo ay magsusulong ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng mga kuweba at ekosistema nito, na magreresulta sa mas malawak na pagsisikap upang protektahan ang kalikasan para sa kasalukuyan at mga susunod na henerasyon.

### *3.4 Likas-Yamang Pamana ng Casiguran*

Nabuo ang magasin na naglalaman ng pagsasadokumento ng Purog Cave sa Barangay San Pascual at Liyang Cave sa Barangay Mabini, Casiguran bilang likas-yamang pamana ng Casiguran. Ito ay naglalaman ng mapa ng Casiguran, Sorsogon kung saan matatagpuan ang kuweba, , Kasaysayan ng Casiguran, larawan ng kuweba at mga nakapaligid dito at katangian nito, testimonya ng mga residente sa pagiging natural na bahagi ng kalikasan, kuwentong nalalaman ng mga impormante ukol sa Purog Cave; *Pagtuklas sa Purok Purog, Alamat ng Purog Cave, Lihim ng Kuweba, Istoryang Mampak, Taong-Lipod, Natural na Kuweba sa San Pascual,* sa Liyang Cave; *Si Liya, Si Mariya at ang Kuweba, Babala ng Nilalang, Mahiwang Aso, Kuweba, saksi sa nakaraan, Liyang, sentro ng Kuwentuhan,* mga kuwento na binigyan ng makulay na interpretasyon bunga ng malawak na imahinasyon ng mananaliksik batay sa salaysay ng mga impormante, nakapaloob rin ang mga pakiusap ng mga residente para mapapangalagaan at maipepreserba ang kuweba na mayroon sa Casiguran na bahagi ng kanilang kalikasan, kultura, at kasaysayan. Ang magasin rin na ito ay maaaring i-access gamit ang QR Code na

matatagpuan sa dulong bahagi ng magasin.

## 4. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon. Ang Purog Cave at Liyang Cave ay ang dalawang natural na kuweba na mayroon sa bayan ng Casiguran, Sorsogon. May mga kuwentong nakakabit ang mga kuweba na may iba't ibang paksa na nagpapakilala sa buhay na kultura ng komunidad. Marami ang maiaambag ng mga potensyal na atraksiyon sa turismong Casiguranon, sa pagpapakilala at pagpapaunlad ng turismo ng bayan na nakapaloob sa iba't ibang tema. Ang nabuong babasahin ay may pamagat na "Likas-Yamang Pamana ng Casiguran" na naglalaman ng mga dokumentasyon patungkol sa dalawang kuweba na maaaring tanggapin at gamitin.

***Rekomendasyon -*** Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon. Hikayatin ang sektor ng turismo at lokal na pamahalaan na mas mapag-aralan at masusing masuri ang kuweba upang mabigyan ng tamang pagkilala, pangangalaga at pagprotekta at maging ganap na atraksiyon sa bayan. Hikayatin ang mga mag-aaral at mga tao sa komunidad na basahin at tangkilikin ang sariling panitikan upang magkaroon ng sapat na kamalayan sa sariling kultura na masasalamin sa kuwento. Sikaping mapalaganap at mapaunlad ang pagpapakilala ng mga kuwento ng kuweba upang mas higit na makilala ang lugar at mas mapahalagahan ang kultura at yaman na mayroon sa lugar upang maipasa sa mga susunod na henerasyon. Hinihikayat ang sektor ng turismo na mabigyang pansin ang potensyal na atraksiyon na maisakatuparan ang mga mga potensyal na ambag ng kuweba batay sa pananaw ng komunidad. Inirerekomenda na makabuo ng mga polisiya at programa na magsusulong sa pangangalaga at pagprotekta ng mga likas-yaman at makabuo ng mga hakbang sa pagpapalaganap ng kamalayan sa kahalagahan ng pagpreserba ng mga likas-yamang pamana. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral na magsisilbing gabay at sandigan para sa mga susunod na mananaliksik, sa ganitong paraan mas mapapalawak ang kaalaman at matutuklasan pa ang iba pang mga natatagong aspeto ng kasaysayan at kultura sa mga potensyal na atraksiyon sa isang lugar.

## 5. Talasanggunian


Aly, M. Nilzam et al. (2021). Community Involvement and Sustainable Cave Tourism Development in Tulungagung Region. Journal of Environmental Management and Tourism, [S.l.], v. 12, n. 2, p. 588-597, mar. 2021. ISSN 2068-7729.Availableat: https://journals.aserspublishing.eu/jemt/article/view/5981 doi: https://doi.org/10.14505//jemt.v12.2(50).28.

Aputan, Estela. (2013). Panitikang kayamanan ng bayan. School Division of Nueva Ecija Greater Heights.

Atienza, C.B. (2020). *Ano ang Kultura? Kahulugan | Elemento | Kahalagahan*. Pinoy Newbie. https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-kahulugan-kultura/elemento-uri/

Bauca, A. L. (2024) *Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol*. Sorsogon State University. Graduate School

Batas Republika 10066 o ang *"Cultural Heritage Act of 2009* https://ncca.gov.ph/republic-act-no-10066/

Besmonte, E. L. (2022). *Identification and Safeguarding of Inatangible Cultural Heritage of Tabaco City through Cultural Mapping.* Bicol University.

Budeanu A. (2005) *Impacts and Responsibilities for Sustainable Tourism*. Research Gate. DOI: 10.1016/j.jclepro.2003.12.024

Casiguran, Sorsogon profile – PhilAtlas. (1990). https://www.philatlas.com/luzon/r05/sorsogon/casiguran.html

Caufield, J. (2023). How to Do Thematic Analysis**.** Scribbr.https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis

Cedillo, A.M.B. (2021) *Tradisyong Pagdungkal: Isang Sosyo-Kultural na Pag-aaral*. Di-limbag na tesis, Pamantasan ng Bikol, Paaralang Gradwado.

Cerillo, J. V. (2024). *Silip-Kuwento sa Pinagmulan ng Pangalan ng mga Barangay sa Bacon*. Sorsogon State University. Graduate School

Chua, V.L., & Soreda, C. R. (2018). *An Exploratory Analysis on the Tourism Related Services in Sorsogon Province.* Sorsogon Provincial Baseline Data InformationSystem (SPBDIS) Status and Prospect, 27. Sorsogon StateCollege

Cigna, A. A. (2016). Tourism and Show Caves. Stuttgart, Germany. Vol. 60, Suppl. 2, 217-2333.Tourism and show caves - Zeitschrift für Geomorphologie, Supplementary Issues Volume 60 Supplementary Issue 2 — Schweizerbart science publishersDocHdl1OnPRS001tmpTarget

Dapyawin, G.M.B. (2024). *Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon.* Sorsogon State Univeristy. Graduate School

Davies G., Oliver J., (2008) *Caves as Cultural Heritage: Research into the Impact of Limestone Quarries on Archaeological Caves and Fissures and their Protection through Planning*. Archaeological Research & Consultancy, University of Sheffield.Graduate School of Archaeology West Court, 2 Mapping Street, Sheffield, S1 4DT http://archaeologydataservice.ac.uk/archiveDS/archiveDownload?t=arch-11191/dissemination/pdf/Caves_ALSF_4996_Research_Report_for_EH_sent_ADS.pdf

Department of Arts. (2014). *Advice to the Public on the Archaeological Potential of Caves.* (2014). National Museum of Ireland, Heritage and the Gaeltacht Custom House. Kildare Street. Dublin 2. NMS Caves Leaflet lo-res.pdf

Department of Economic and Social Affairs. (2015) Transforming our world: *The 2030 Agenda for Sustainable Development.* *https://sdgs.un.org/2030agenda*

Department of Environment and Natural Resources. (2008) *A Handbook on Cave Classification for the PHILIPPINES*. Protected Areas and Wildlife Bureau. Republic of the Philippines. A-handbook-for-cave-classification-in-the philippines.pdf

Department of Environment and Natural Resources. (2009) *A Handbook on Cave Classification for the PHILIPPINES*. Protected Areas and Wildlife Bureau. Republic of the Philippines. Philppine-Cave-Habdbook.pdf

Department of Tourism. (2024). *Home - Love the Philippines! Welcome to the DOT's Corporate Site*. Love the Philippines! Welcome to the DOT's Corporate. https://beta.tourism.gov.ph/

Department of Tourism. (2022, April 5). *Mission and Vision - Love the Philippines! Welcome to the DOT's Corporate Site*. Love the Philippines! Welcome to the DOT's Corporate Site. https://beta.tourism.gov.ph/mission-and-vision\

Deped Order 32 s. (2015) *"Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework"* E:\2011 Issuances\tije jJ jitippinec.tif (deped.gov.ph)

DENR | Department of Environment and Natural Resources

Diaz, D. D. (2024). *Balik-tanaw sa Pinagbatayang Kuwento ng mga Barangay sa Juban, Sorsogon*. Sorsogon State University. Graduate SchoolDOC-20230918-WA0284_.pdf

Du, N. O. (2014). Pagdalumat sa sinaunang di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kuwentong-bayan. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 2(6), 158-163

Duxbury N., eat.al., (2015). *Cultural Mapping as Cultural Inquiry*. Edition 1.Routledge. (PDF) Cultural Mapping as Cultural Inquiry

Emeka E., Okonkwo et al. (2017). *Cave Tourism and its Implications to Tourism Development in Nigeria: A Case Study of Agu-Owuru Cave in Ezeagu*. International Journal of Research in Tourism and Hospitality (IJRTH), vol 3, no. 3, pp. 16-24. doi: http://dx.doi.org/10.20431/2455-0043.0303003.

Evasco, E. Y. (2000). *Sa Pusod ng Lungsod: Mga alamat, Mga Kababalaghan bilang Mitolohiyang Urban*. Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities, 1(1).http://www.tourism.gov.ph/files/2025/tourism_demand/03/03-05/JAN-FEB2025.pdf

Galdo, M. B. (2021). Salik-suri sa kultura ng Southern Leyteñong Kuwentong Bayan. Lukad: An Online Journal of Pedagogy, 1(2), 28-50. https://lukad.org/wp-content/uploads/2021/12/volume1_issue2_galdo_December2021.pdf

Galoso, FD. T. (2023). *Pagsusog sa Prehistorya kan Sorsogon. Polytechnic University of the Philippines.*

College of Science and Development. Sorsogon Provincial Library. Museo Sorsogon

Gatchallian B. M. (2019) *Philippine Tourism, Geography and Culture.* Rex Book Store

Iupui, S. G. D. O. I. R. a. A. (2018). *Using qualitative sampling to your advantage*. Default. https://www.airweb.org/article/2018/12/20/using-qualitative-sampling-to-your advantage#:~:text=Creswell%20(2014)%20suggests%20being%20purposeful,in%20the%20perspectives%20you%20collect.

Gray, R. (2015). Aboriginal folklore could be oldest accurate oral history in the world: Stories of ancient sea level rise have survived for 10,000 years. http://bit.ly/3KKo8UM.

Jose, Cristina D. (1970) *Facts about Sorsogon*. Sorsogon Provincial Library. Museo Sorsogon 959.9155

Jebbouri, A., et.al (2022) *Impact of Destination Image formation on tourist trust: Mediatingrole of Tourist Satisfaction*. Frontiers in Pscychology, 13, 845538.https://www.frontiersin.org/journals/psychology/articles/10.3389/fpsyg.2022.845538/full

Jo, M. et. al (2022). *The Effects of Tourism Storytelling on Tourism Destination Brand Value, Lovemarks and Relationship Strength in South Korea. Sustainability.* 14 (24), 16495.https://www.mdpi.com/2071-1050/14/24/16495

Kim, J. H., & Youn, H. (2017). *How To Design and Deliver Stories About Tourism Destinations*. Journal of Travel Research, 56(6), 808-820.https://www.researchgate.net/publication/308737752_How_to_Design_and_Deliver_Stories_about_Tourism_Destinations

Kim, Samuel Seongseop, Miju Kim, Jungwoong Park, and Yingzhi Guo. (2008). "Cave Tourism: Tourists'Characteristics, Motivations to Visit, and the Segmentation ofTheir Behavior." Asia Pacific Journal ofTourism Research 13 (3): 299–318. DOI: https://doi.org/10.1080/10941660802280448.

Kitayama, O. (2005). Prohibitation against looking analysis of japanese mythology and folktales in Wtseng. s.c. Chong & Nisha Eds.Asean

Komisyon sa Wikang Filipino, Diksiyonaryong Filipino. (2021). 2/P Gusaling Watson,1610 Kalye JP Laurel, San Miguel, 1005 Maynila. https://kwfdiksiyonaryo.ph/

Lopez, L. M. (2019). *Pagpapalaganap sa Edukasyong Pangkalikasan sa mga Kursong Edukasyong Filipino*. BU R&D Journal, 22(2), 1-11 https://journal.bicol-u.edu.ph/assets/journal_pdf/1%20Lopez%20_1-11.pdf

Loyoja (2011). Nakalap noong Agosto 2, 2018 mula sa www.blogspot.com 11

Maity J. (2022) Representation of Folktales in World Literature and Its Role in Contemporary Society. An International Refereed/Peer-reviewed English e-Journal Impact Factor: 6.292 (SJIF). ISSN: 2454-3365.https://www.academia.edu/82954119/Representation_of_Folktales_in_World_Literature_and_Its_Role_in_Contemporary_Society

Mathieson, Alister and Geoffrey Wall. (2020) *Tourism: Economic, Physical, and Social Impacts*. London and New York: Longman, 1982. Pag-Unawa Sa Turismo.

Merriam-WebsterDictionary. (2024). https://www.merriam-webster.com/

Moin, S. M. A., Hosany, S., & O'Brien, J. (2020*). Storytelling in destination brands' Promotional Videos*. Tourism Management Perspectives, 34, 100639.https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S2211973620300064?via%3Dihub

Montenegro, M. M. (2022). MGA PILING KUWENTONG-BAYANG SURIGAON: ISANG ANTOLOHIYA. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR). e-ISSN :2378-703X Volume-6, Issue-2, pp-237-262. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2022/02/Y22602237262.pdf

Municipal Tourism & Information Office. (2024). *Tourism Attraction Visitor Record*. Muncipality of CasiguranNares, K. M. (2023) *Pagmamapa ng Kalinangang Bayan ng Munisipalidad ng Guinobatan, Albay*. Pamantasan ng Bikol. Paaralang Gradwado.

Nataño, N. M. (2017). Communicating History and Culture through 'Kuwentong Bayan' (Folktales): The Case of Angono, Rizal, Philippines. Papel na binasa sa First International Conference on Philippine Studies. Kalibo, Aklan, Philippines.

Pastor, J.D. (2010). Potential of Longog Cave as a Tourist Destination Area in Balakbak, Kapangan, Benguet.

Trinidad, Benguet.http://portal.bsu.edu.ph:8081/greenstone/collect/undergra/index/assoc/HASH0131.dir/doc.pdf

Peña, (2015). *Introdution to the Poems of the Copra in the Bondoc Peninsula towards the Investigation of the Social Ego* (Panimulang dalumat sa mga tula ng mgamagkokopra sa Bondoc Penisula tungo sa mga Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan). Bisig Journal: Mangaggawa at Paggawa sa Panahon ng Neoliberalismo. 2.

Quintos, J.J. (2020) *Sa pagitan ng kultura at kalikasan: Isang pagsisiyasat sa talinghaga ng "engkanto" sa mga pelikula ng Shake, Rattle, and Roll*. Social Science Deliman.

Rajput, R. K. (2019) *Global Tourism Geography (Global code of Ethics for Tourism, Article 2 UNWTO).* Random Publications. Sorsogon State University Library.

Republic Act 11961. (2023) "*An Act Strengthening the Conservation and Protection of Philippine Cultural Heritage through Cultural Mapping and Enhanced Cultural Heritage Education Program of 2023*"

Republic Act 10066. (2019). National Cultural Heritage Act. Implementing Rules and Regulations of Republic Act No. 10066 otherwise known as the

Republic Act 10173. (2012) "*Data Privacy Act 2012*" Retrieved from Republic Act No. 10173 | Official Gazette of the Republic of the Philippines

Republic Act 9593. *"Tourism Act of 2009"* Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/05/12/republic-act-no-9593-s-2009

Republic Act 9072. (2001). https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2001/ra_9072_2001.html

Rindam, M. (2014). *Cave tourism: The potential of Asar Cave as a natural tourism Asset at Lenggong Valley, Perak*. *SHS Web of Conferences*, *12*, 01014.

Rohani, E., Baiquinim M, Wijono D., Suprihanto, J. (2023). Potential tourism attraction of Cokro Cave, Gunungkidul Regency as a special interest tourismdevelopment. *www.academia.edu*.Tourism_Attraction_of_Cokro_Cave_Gunungkidul_Regency_as_a_Special_Interest_Tourism_Development

Sahrina, A., Fadlan, M.S., Withuda, F.A., Labib, M.A., Fitriani, D., & Ma'asika, N.M. (2022). ELABORATIVE ANALYSIS OF CAVES AS SPECIFIED TOURISM DESTINATION IN MALANG REGENCY – INDONESIA. GeoJournal of Tourism and Geosites, 41(2), 368–375. https://doi.org/10.30892/gtg.41205-839

Santayana, A. (2024) Sulyap-Lakbay sa Gandang Bulaneno. Sorsogon State University. Graduate School

Sharafuddin, A.L. (2015) *Types of Tourism in Thailand.* E-Review of Tourism Research 12(3):210-219. Vol.12, No.3/4. http://ertr.tamu.edu

Silva, Sara G. at Tehrani, Jamshid J. (2016). Comparative phylogenetic analyses uncoverthe ancient roots of indo-european folktales . royal society open science: The Royal Society Publishing.

Smith, M. K. (2015). *Issues in Cultural tourism Studies*. In *Routledge eBooks*. https://doi.org/10.4324/9781315767697

Soria, Z. D. (2024). Sakay: Mga Piling Kuwento sa Bayan ng Mercedes Camarines Norte. Bicol University. Graduate School.

Sorsogon City Profile – PhilAtlas. (1990, May 1). https://www.philatlas.com/luzon/r05/sorsogon/sorsogon-city.html

Sorsogon Provincial Library and Information Center. (2024). Demographic Profile – Casiguran. Museo Sorsogon

Sorsogon Provincial Government. (2024). *7K Program*https://sorsogon.gov.ph/7k-program-2/

Sorsogon Provincial Government. (2022). *Annual Financial Report* https://sorsogon.gov.ph/annual-financial-report/

Sorsogon Provincial Government. (2024). *Attraction Map*.https://sorsogon.gov.ph/tourism/interactive-map/

Saligang Batas. (1987). Artikulo 14, Seksyon 15 ng *"Mga Sining at Kultura"*. https://www.officail.gazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng republika pilipinas-1987

Sims, M. (2005). Living folklore: an introduction to the study of people and their traditions. Logan: Utah State University Press

Sustainable Development. (n.d.-b). https://www.unwto.org/sustainable-development

Surban, A. N. (2022). *Istoryang Turismo ng Bulusan.* Sorsogon State University. Graduate School

The SDGs Wedding Cake. (2016). Stockholm Resilience Centre. https://www.stockholmresilience.org/research/research-news/2016 06-14

The UN Tourism Data Dashboard | Tourism Data. (2022). 'Best Tourism Villages' of 2022 Named by UNWTO

Tongkul, Felix. (2005). "Geotourism in Malaysia Borneo." In Geotourism, edited by David Newsome, 1stEditio, 26–41. London: Routledge. DOI:https://doi.org/10.4324/9780080455334.

Totanes, H. S. (2020, January 30). *Sorsogon Conducts Cultural Mapping Orientation*. Bicolmail.

UNESCO. (1989). Recommendation on the Safeguarding of Traditional Culture and Folklore. Paris, France

UNESCO. (2005). Convention on the Protection and Promotion of the Diversity of Cultural Expressions. Paris, France.

United Kingdom National Commission for UNESCO. (2014). Preserving CulturalHeritage: A Worldwide Cooperative Effort. Retrieved July 21, 2021, from https://publish.illinois.edu/globalcurrents/2014/04/04/preserving-culturalheritage-a-worldwide-cooperative-effort/World

UNESCO Global Report. (2018): Reshaping Cultural Policies. NEMO - the Network of European Museum Organisations. https://www.ne-mo.org/news-events/article/unesco-global-report-2018-reshaping-cultural-policies

UN Tourism | *Bringing the World Closer*. (2022). UN Tourism. https://www.unwto.org/

UNWTO. (2018). *Tourism and Culture Synergies*. World Tourism Organization

Vala, A. (202). *Eco criticism theory* [Slide show]. SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/eco-criticism-theory/250821563

Villanueva, L. B. (2014). *Istorya ti Naggapuan: Textual analyses of Ilokano legends*. International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 8(1), 66-80.

Weerasingher, Tudor. (2010). Folktales as an effective media for culture communication towards child socialization: A study on folktale practices among school children in Sri Lanka. University of Colombo.

White (1949). *Oral History Method*. Retrieved from Academy of Sciences of the Czech Republic, Institute of Contemporary History

World Health Organization: WHO. (2019). *Travel and Health.* https://www.who.int/health-topics/travel-and-health#tab=tab_1

Yason, G. (2012). Kahulugan ng alamat. Nakalap noong Nobyembre 25,2018 mula http:/www.scribd.com/doc/101028302/kahulugan-ng-Alamat/scibd